

Dahil “Iba na ang panahon,” mga guro naman ang nakinig sa lektyur

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII

Mga guro naman ang sumailalim sa isang araw na seminar para sa disaster preparedness na isinagawa ng Department of Science and Technology (DOST) sa pamamagitan ng information and education campaign na Iba Na Ang Panahon: Science for Safer Communities o INAP:S4SC kamakailan sa tanggapan ng Department of Education (DepEd).

Ang nasabing disaster preparedness seminar ay bahagi ng mandato ng DOST upang mabigyan ng sapat na kaalaman ang bawat mamamayan hinggil sa mga nakaambang panganib lalo na ng mga natural na kalamidad. Ayon sa mga dalubhasa, ang bansa ay isa sa mga bansang pinaka-apektado ng “climate change.”

Ang mga nasabing pagbabago ng panahon lalo na sa bansa ay nagdudulot ngayon ng mas malalakas na bugso ng pag-ulan dahil na rin umano sa climate change at inaasahang magpapatuloy sa mga darating pang taon.

Kaya naman minabuti ng pamunuan ng DOST at DepEd na magkaroon ng seminar upang wastong maipamahagi ang mga impormasyong mayroong kinalaman sa paghahanda upang maiwasan ang pagkasawi o pagkasugat sa panahon ng kalamidad.

sundan sa pahina 2

Mga Nilalaman

Cauayan: Kauna-unahang Smarter City- DOST	p2
Sa mga naghahanap ng trabaho, mga online job naman ang subukan	p3
Pagtuturo ng Technopreneurship sa kolehiyo makakatulong paunlarin ang mga probinsya sa bansa	p3
TuklaScience	p4
Larawanews	p4

Wind Vane Award, iginawad sa DOST Chief

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII



Malugod na tinanggap ni DOST Secretary Mario G. Montejo ang parangal bilang isa sa mga Wind Vane awardee mula sa DOST-PAGASA. Kasama ni Sec. Montejo sina Acting Administrator Vicente Malano at Deputy Administrator Flaviana Hilario. (Larawan mula sa DOST-PAGASA)

Iginawad kamakailan kay Department of Science and Technology Secretary Mario G. Montejo ng Philippine Atmospheric, Geophysical, and Astronomical Services Administration (DOST-PAGASA) ang Wind Vane Award para sa patuloy nitong suporta sa pagpapalawig ng kakayahan ng bansa sa pagtaya ng panahon.

Ang pagkilala kay Sec. Montejo ay ginanap kamakailan bilang bahagi ng pagdiriwang ng ika-150th anibersaryo ng DOST-PAGASA.

Naniniwala si Sec. Montejo sa kakayahan ng mga Filipino na makagawa ng mga teknolohiya lalo na sa larangan ng disaster risk reduction and management. Ayon sa pamunuan ng DOST-PAGASA, sa ilalim ng pamamahala ni Sec. Montejo ay naisagawa ang mga teknolohiya gaya ng automated weather station at rain gauge; nadagdagan din ang sakop ng mga flood early warning system at ang pagkakaroon ng high resolution map sa pamamagitan ng Light Detection and Ranging (LiDAR) technology sa ilalim ng proyektong Disaster Risk and Exposure Assessment for Mitigation o DREAM Project.

Ang Wind Vane Award ay sampung taon nang iginagawad sa mga indibidwal at maging sa mga organisasyon upang kilalanin ang mga naiambag nito sa pagpapalaganap at pagpapahusay ng weather forecasting ng bansa. Ang nasabing parangal ay ilan lamang sa mga tampok na kaganapan sa pagdiriwang ng ika-150 taong anibersaryo ng DOST-PAGASA at ang World Meteorological Day.

Kabilang sa mga pinarangalan para sa taong ito ay sina Department of Interior and Local Government Sec. Manuel Roxas II, National Disaster Risk Reduction and Management Council Undersecretary Alexander Pama, Dating DOST-PAGASA Chief Claro Doctor, Rice Watch and Action Network Secretariat Coordinator Hazel Arandez-Tanchuling, Legazpi City Mayor Noel Rosal, UNTV reporter Reynante Pelayo, Cagayan de Oro CDRMO Mario Verner Monsanto, at Philippine Australia Human Resource and Organisational Development Facility. (Impormasyon mula kay Ma. Luisa A. Lumioan, S&T Media Service, DOST-STII)

Dahil "Iba na ... Mula sa pahina 1

Ayon kay DOST Assistant Secretary Raymund E. Liboro, mahalagang mapag-usapan ang mga kaalamang tulad nito upang maintindihan ng mga guro at mag-aaral ang mga naka-ambang panganib ng mga bagyo at lindol sa kanilang buhay. Dapat ding malaman ang mga tamang gawain sakaling dumating ang mga kalamidad gaya ng mga bagyo at pagbaha na dulot nito.

"Dahil sa iba na ang panahon, mahalaga sa mga institusyon gaya ng DEPED na maging kungkreto ang pundasyon nito pagdating sa mga impormasyong makapagsasalba sa mga buhay ng mga tao sa gitna ng mga naka-ambang panganib dulot ng mga kalamidad," dagdag ni Asec. Liboro.

Ayon pa kay Asec. Liboro, mahalaga ang ginagampanang papel ng Kagawaran sa pagpapakalat ng tamang impormasyon lalo na sa mga kabataan. Aniya, dapat maisaugali ng bawat tao ang tamang paghahanda sa anumang sakuna.

Samantala, iminungkahi naman ni DOST-Philippine Volcanology and Seismology Institute Director Renato U. Solidum na maaaring gawing bahagi ng asignatura ng mga mag-aaral ang kaalaman hinggil sa lindol at ang mga wastong gawain.

"At dahil ang mga guro naman natin ay mahilig magbigay ng mga assignment, bakit hindi sila magbigay ng assignment na gumawa ang pamilya niyo ng earthquake evacuation plans," wika ni Solidum. "Sa pamamagitan rin nito, marerealize din ng mga magulang kung gaano kahalaga ang mga ganitong uri ng preparasyon at ipagpatuloy nila ang pagtuturo sa kanilang mga anak."

Ayon pa kay Dr. Solidum, mahalaga rin para sa mga guro ang magkaroon ng sapat na kaalaman sa paghahanda sapagkat maibabahagi nila ito sa kanilang pamilya at masisigurong ligtas sila kung magkaroon man ng lindol.

ARISTOTLE P. CARANDANG, PhD
Editor-in-Chief

JOY M. LAZCANO
Copy Editor

JAMES B. INTIA
Layout

FERDINAND D. CARTAS
Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148



Si DOST Asec. Raymund E. Liboro (gitna) at PHIVOLCS Dir. Renato Solidum (pangatlo mula kaliwa), kasama si DepEd Asec. Robert M. Agustin habang ginaganap ang Iba na ang Panahon: Science for Safer Communities forum kamakailan na ginaganap sa tanggapan ng DepEd sa Lungsod ng Pasig. Ang nasabing seminar ay ang paraan ng DOST upang maipamahagi ang kaalaman sa disaster preparedness at ang tamang paggamit ng mga makabagong teknolohiya upang maging handa ang mamamayan sa anumang sakuna dulot ng mga kalamidad.

Paliwanag pa ni Dr. Solidum na ang paulit-ulit na pagsasagawa ng mga earthquake drill ay makatutulong sa mga tao na makaiwas sa sakuna.

Mahalaga rin ang pagsunod sa National Building Code na itinakda ng pamahalaan para sa mga nagpapagawa ng bahay.

Ang INAP:S4SC ay isang information and education campaign ng DOST hinggil sa paghahanda sa anumang kalamidad sa pamamagitan ng mga makabagong kagamitan sa pagtaya ng panahon gaya ng mga sensor at

high resolution map. Noong nakaraang taon, tumulak ang grupo ng DOST, Department of the Interior and Local Government kasama ang Office of the Civil Defense, Science and Technology Information Institute, PHIVOLCS, at Philippine Atmospheric, Geophysical, and Astronomical Services Administration sa 17 rehiyon ng bansa upang magbigay-kaalaman sa paghahanda sa anumang kalamidad. **(Impormasyon mula kay Allan Mauro F. Marfal, S&T Media Service, DOST-STII)**

Cauayan: Kauna-unahang Smarter City- DOST

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII

Idineklara kamakailan ni Department of Science and Technology (DOST) Secretary **Mario G. Montejo ang lungsod ng Cauayan, Isabela, Cagayan Valley bilang kauna-unahang "Smarter City" hindi lamang sa rehiyon, kundi pati na sa buong bansa.**

Ang deklarasyon ay isinagawa matapos ang "Science Nation: Agham na Ramdam" nationwide roadshow kamakailan.

Ayon kay Sec. Montejo, bukod sa mga Information and Communications Technology o ICT program ng lokal na pamahalaan, ang Lungsod ay nanguna rin sa pagkampanya para sa "Juan Time" o ang kampanya tungo sa pambansang pagsunod sa Philippine Standard Time sa mga opisyal na orasan ng mga sangay ng pamahalaan at maging sa mga pribadong tanggapan. Layunin ng nasabing kampanya ang maisa-isip ng bawat Filipino ang pagpapahalaga sa oras sa pamamagitan ng pagkakaroon ng "synchronized" na oras sa buong bansa.

Ilan sa mga ICT-based technology at proyekto ng lungsod ay ang sumusunod: Electronic Government Application System o eGAPS, mobile app para sa iOS at android-based phone na naglalaman ng mga impormasyon hinggil sa turismo; at ang Cauayan City

Patrol. Kabilang din dito ang Cauayan City Identification System na nagsisilbing ID ng mga taga-Cauayan; ang sistimatiko at computerized na police clearance processing; mobile library na mayroong laptop at internet connection at ang interactive government website.

Ayon kay Secretary Montejo, ang ICT-based technology ay mahalaga lalo na sa panahon ngayon sapagkat mas napadadali nito ang pagbibigay ng mga pangunahing serbisyo publiko.

Sa kasalukuyan, ang Lungsod ng Cauayan ay nakatuon sa pagpapayabong ng agrikultura, micro, small, and medium enterprise, mga industriya, pagbibigay ng trabaho at serbisyo publiko, climate change, mga siyentista at inhinyero, at kalusugan.

Samantala, upang mapasa-ilalim ang isang lungsod sa programang DOST Smarter Philippines ay kinakailangang taglayin ng isang lungsod ang tatlong "I" para sa "Instrumented" o ang mga imprastruktura ng ICT para sa data merging; "Interconnected" o ang pagkakaroon ng network connectivity; at "Intelligent" o ang pagkakaroon ng akmaing data trend. **(Impormasyon mula kay Haziell May C. Natorilla, S&T Media Service, DOST-STII)**

Sa mga naghahanap ng trabaho, mga online job naman ang subukan

Ni Allan Mauro V. Marfal
S&T Media Service, DOST-STII

Para sa mga nagsipagtapos o naghahanap ng bagong trabaho, iminungkahi kamakailan ng Department of Science and Technology (DOST) na subukan naman ang ilang online job kabilang ang content writer, visual at layout-artist, website developer, virtual assistant, at software developer.

Ayon kay Frederick Amores, regional director, DOST-Information and Communications Technology Office-Visayas (ICT Office), makabubuti ang mga online job lalo na sa mga katatapos pa lamang ng pag-aaral sapagkat hindi na kinakailangang lumabas ng bahay upang pumasok sa trabaho. Aniya, ang mga bagong graduate sa probinsya ay kinakailangan pang lumuwas sa Kamaynilaan upang maghanap ng trabaho

sa halip na maghanap na lamang ng mga oportunidad sa internet.

Samantala, naniniwala rin si Amores na makatutulong sa mga bagong graduate ang mga online job upang kumita ng sapat na halaga at makatanggap ng mga benepisyo na hindi kinakailangang dumayo sa ibang lugar. Bukod pa dito ay makatutulong din ito sa pagpapausad ng ekonomiya ng kanilang probinsya.

Dagdag pa rito, malaki ang tsansang makahanap ng iba pang mapagkakakitaan sa internet ang isang graduate. "This career advancement would be in terms of getting better (higher value) online jobs as one gets more experience and gotten more (or enhanced) one's skills and of course by doing a good job for a client," wika ni Amores.

Ibinahagi rin ni Amores na sa kasalukuyan, kasama ang Pilipinas sa sampung pinakamaraming bilang ng mga nagtatrabaho online.

Ipinagmalaki rin ni Amores na mayroong ilang lokal na pamahalaan ang pinasasalamatan ang ICT Office sa suporta na ibinahagi nito upang mapataas ang bilang ng mga mamamayang mayroong hanap-buhay kabilang ang pagsasagawa ng Rural Impact Sourcing Workshop.

Sa naturang proyekto ay binigyang kaalaman ng naturang ahensya ang mga mag-aaral at mga professional hinggil sa iba't ibang online job na maaaring pasukin at paano magiging matagumpay ang mga ito sa larangang napili.

Pagtuturo ng Technopreneurship sa kolehiyo makakatulong paunlarin ang mga probinsya sa bansa

Ni Allan Mauro V. Marfal
S&T Media Service, DOST-STII

Nais isulong ni Monchito Ibrahim, deputy executive director ng Department of Science and Technology-Information and Communications Technology (DOST-ICT) Office ang pagkakaroon ng subject na Technology Entrepreneurship o Technopreneurship sa kolehiyo lalo na sa mga estudyante ng Engineering at Information Technology.

Ayon kay Ibrahim, ang pagkakaroon ng technopreneurship skill ay malaking bentahe para sa mga estudyante. Ang mga kakayanang matututunan mula dito ay maaaring magamit ng isang estudyante sa sarili niyang kumpanya sakaling naisin niyang pasukin ang pagnenegosyo. Maliban dito, ang pagkakaroon ng malawak na kaalaman sa technopreneurship ay magbibigay ng mas magandang oportunidad hindi lamang sa paghanap ng empleyo ngunit pati rin sa larangan ng pagnenegosyo.

Ang technopreneurship ay ang uri ng pagnenegosyo na nakatuon sa pagbibigay-



Sa ilalim ng programang SeedPH ng Department of Science and Technology-Information and Communications Technology (DOST-ICT) Office, tinuturuan ang mga estudyante sa kolehiyo kung paano magtayo ng Startup na kumpanya sa pamamagitan ng pagtuturo ng pagdedevelop ng iba't-ibang software applications. (Larawan mula sa ICT Office)

serbisyo o ang paggawa ng produkto sa inobasyon at teknolohiya.

"Having strong technical skills and an accompanying business mindset can elevate our talent pool to not only be

skilled professionals employed in local or multinational companies, but also enable them to create their own companies that can provide world-class business / technical

sundan sa pahina 4

Pagtuturo ng...
Mula sa pahina 3

solutions as well as offer employment in their locality," paliwanag ni Ibrahim.

Ibinahagi rin ni Ibrahim na mahalagang maipalaganap ang technopreneurship sa mga probinsya lalo na sa mga sa mga lugar na kakaunti ang mga namumuhunan. Aniya, ang mga lokal na startup o ang mga papasibol pa lamang na mga negosyo sa ICT ay maaaring mamuhunan at di kalauna'y makapagpalaki ng ekonomiya ng isang probinsya.

"Mentoring college students on how to build ICT startups will open great opportunities and (will) maximize the potential of untapped ICT talent in the provinces," wika ni Ibrahim. "Since ICT startups are not heavily dependent on location, promoting technopreneurship to college students is one effective way to bring economic progress to areas that are not being reached by investment opportunities."

Samantala, iba't ibang programa naman ang kasalukuyang isinasagawa ng DOST-ICT Office upang hikayatin ang maraming kabataan na magtayo ng sariling negosyo sa larangan ng ICT. Kabilang rito ang mga pagsasanay sa paghubog ng mga ideya at produkto bilang mga bagong software application sa iba't ibang lugar sa probinsya. Sa pamamagitan nito ay makahahangang ang mga software developer ng mga investor upang maisakomersyo ang mga ito.

Bahagi rin ng technopreneurship subject ang pagtuturo ng konseptong "Lean Startup Business Method" kung saan tumutukoy ito sa mga istratohiyang ginamit ng mga malalaking social networking company gaya ng Facebook, Instagram at Dropbox upang madaling makasabay sa mga pagbabago ng mga pangangailangan ng kanilang target client.



TuklaSCIENCE

MGA NAKAKAALIW NA SCIENCE EXPERIMENT

Ang Lava Cup experiment



MGA KAILANGAN:

- Isang (1) malinaw na baso
- ¼ cup ng vegetable oil
- Isang (1) kutsaritang asin
- Tubig
- Food coloring (optional)

MGA GAGAWIN:

1. Magsalin ng hanggang sa ¾ na tubig sa baso.
2. Maglagay ng limang (5) patak ng food coloring- mainam kung pula ang gagamitin para magmukhang tunay na lava.
3. Dahan-dahang magsalin ng vegetable oil sa baso. Tingnan kung paano lumutang ang mantika sa ibabaw. Cool 'di ba?
4. Mas magiging maganda pa ito kung ito ay wiwisikan ng asin sa ibabaw ng mantika.
5. Pagmasdan ang mga namuong patak ng lava na gumagalaw paitaas at paibaba ng iyong baso.
6. Kung ito ay nagustuhan, muling mag-dagdag ng isang kutsaritang asin upang mapanatili ang epekto ng lava.

PAANO ITO GUMAGANA:

Ano nga ba ang nangyayari dito? Siyempre, hindi ito isang totoong lava ngunit di maikakailang mukha itong lava lamp. Una sa lahat, ang mantika ay lulutang sa ibabaw ng tubig dahil mas magaan ito kaysa sa tubig.

At dahil ang asin ay mas mabigat kaysa sa mantika, ito ay lulubog kasama ang kaunting mantika. Ngunit, kapag natunaw ang asin, sa kalaunan ang mantika ay muling lulutang.

GAWIN ITONG ISANG EKSPERIMENTO:

Ang proyektong ginawa ay isa lamang demonstrasyon. Para gawin itong isang tunay na eksperimento, maaaring subukan na sagutan ang mga sumusunod na tanong:

1. Gaano katagal mananatili ang lava effect kapag patuloy na naglagay ng asin?
2. Nakapagbibigay ba ng ibang epekto ang paggamit ng ibang uri ng mantika?
3. Magiging kasing-bisa ba ng asin ang paggamit ng ibang bagay gaya ng buhangin, asukal, at iba pa?
4. Naka-aapekto ba ang taas o hugis ng baso sa eksperimento?

Ang eksperimentong ito ay nagmula sa www.sciencebob.com

LarawaNEWS

HIGH TECH GENE SEQUENCING FACILITY | Hawak ng isang mananaliksik mula sa Philippine Genome Center (PGC) ang isang micro tube na naglalaman ng mga DNA na sumailalim sa pag-aanalisa gamit ang Next Generation Sequencing machine (inset). Ang cutting-edge genome sequencing machine ay inaasahang makapagpapabago sa genetic research ng bansa dahil ito ay mayroong kakayahang magproseso ng datos ng mayroong hindi-pangkaraniwang bilis at dami kumpara sa mga kasalukuyang kagamitan ng PGC. Ang Next Generation Sequencing machine ay ilan lamang sa mga pinakabagong kagamitang nakalagak sa PGC na nagmula sa inisyatiba ng DOST upang mapalakas ang pagsasagawa ng genomic research para sa pagpapahusay ng mga tanim, livestock at maging ang pagtukoy ng mga sakit at forensics. Ang PGC ay tampok sa nakaraang Agham na Ramdam media tour kamakailan na nagpapakita sa mga pinakabagong kaganapan sa DOST. (S&T Media Service)

